SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 14, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes .... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 212-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-T2009 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGLILIWAT NG PROGRAMANG RECONDITIONING OF FIRE TRUCK UPANG MAGING ACQUISITION OF MINI FIRE ENGINE (MINI FIRE TRUCK) PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND 2009.**

**SAPAGKA'T,** iniliwat sa sangguniang ito ng Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas ang Kapasiyahan Blg. 02-T2009 na naglalayong magliwat ng programa mula sa 20% development fund 2009, ayon sa nasasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pagtalakay at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng pagliliwat ng programa para sa madaliang pagresponde at operasyon sa pagtugon sa tawag ng paglilingkod, ayon sa isinasaad sa kapasiyahan ng MDC ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 25-T2009**

**KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG PITONG DAAN LIMAMPUNG LIBONG PISO (Php750,000.00) MULA SA PROGRAMANG RECONDITIONING OF FIRE TRUCK UPANG MAGING ACQUISITION NG MINI FIRE ENGINE (MINI FIRE TRUCK) NA NASA 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND 2009 NG BAYANG ITO.**

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1-** Iliwat at ilaan ang halagang Php750,000.00 mula sa programang reconditioning of fire truck upang maging acquisition ng mini fire engine (mini fire truck) na nasa 20% Municipal development fund 2009.

**SEKSYON 2 –** Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS :** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sanguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Municipal Development Council, Pambayang Pinunong Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**RAMON D. TAN**
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan